JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 5:
## Pagbigay ng Angkop na Pamagat sa Teksto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikasiyam na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 5: Pagbigay ng Angkop na Pamagat sa Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Dr. James A. Salomon

**Editor:** Sheila Mae M. Magale

**Tagasuri:** Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Vicente S. Araneta Jr.

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Ako'y lubos na nasisiyahang ipaalam na sa araling ito ay matutunan mong gamitin ang mga sanggunian sa pagsasaliksik.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ika ay inaasahang:

1.Naibibigay ang angkop na pamagat sa isang talata at tekstong napakinggan. (F5PB-Ig-8)



# *Subukin*

*Panuto:Basahin ang talata at sagutin ang mga tanong.*

| |
|---|
| Isa sa mga katangiang ipinagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin.Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin,bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan.Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin.Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipapauwing pasalubong ng panauhin. |

*1. Ano ang maaring paksang-diwa sa talata?*

______________________________________________

*2. Ano ang angkop na pamagat sa talata?*

______________________________



# *Balikan*

**Panuto: Basahin ang mga sumusunod na talata. Tukuyin ang angkop na pamagat nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Ang pating ay isang uri ng karniborong isda. Sa kasalukuyan, mayroong higt na limandaang uri ng pating ay nananatili sa tubig-dagat ngunit may iilang nabubuhay sa tubig tabang. Ang pinakamaliit na pating ay may habang anim na pulgada. Ang pinakamahaba naman ay ang butanding. Ito ay umaabot sa haba na labindalawang metro.

A.Ang Nakakatakot na Isda
B.Ang Mga Uri ng Pating
C.Ang Pating

2.Sabik na sabik si Julia na pumasok sa paaralan ngayong araw na ito. Kagabi pa lamang ay inihanda na niya ang kanyang uniporme. Nakaayos na rin ang kanyang bag at baunan. Pagtunog ng kanyang relo, mabilis na bumangon si Julia upang maligo na. Dali-dali siyang nagbihis at pumunta sa silid-kainan. "Julia, mukhang handa ka na para sa unang araw ng pasukan," ang bati ng kanyang nanay. "Opo! Sabik nap o akong pumasok!" ang sagot ng bata.

A.Ang Unang Araw ng Pasukan
B.Sabik nang Pumasok si Julia
C.Ang Paaralan ni Julia

3.Isa sa mga naging mahalagang personalidad sa People Power ay si Hilario G. Davide Jr. Siya ang punong-hukom ng Kataas-taaang Hukuman ng Pilipinas.Siya rin ang nagtalaga kay dating Pangalawang Pangulo Gloria Macapagal-Arroyo bilang bagong Pangulo ng bansa.

A.Hilario G. Davidee ay kilalang Punong-hukom
B.Ang People Power
C.Hilario Davide: Ang Mahalagang Personalidad ng Bansa

4.Ang kapistahan ng Our Lady of Penafrancia ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago mismo ang araw ng kapistahan may siyam na araw na novena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga Bangka.

A.Ang Kapistahan ng Our Lady of Penafrancia
B.Ang Mahabang Prusisyon ng mga Bangka
C.Ang kahalagahan sa Imahe

5.Ipinagmamalaki naman sa bahagi ng Rehiyon IV ang Puerto Galera na matatagpuan sa Oriental Mindoro. May 130 kilometro ang layo nito mula sa bahaging Timog ng Maynila. Dinarayo ng mga turista ang mapuputing buhangin sa mga beaches nito. Gayundin, napakaganda ng mga corals at iba pang laman-dagat na makikita sa kailaliman ng mga katubigan.

A.Ang Nakapaligid sa Oriental Mindoro

B.Ang Puerto Galera sa Oriental Mindoro
C.Ang mga Produkto sa Oriental Mindoro



# Tuklasin

**Panuto: Basahin ang talata at sagutin ang mga katanungan. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.**

Isa sa mga tradisyon nating mga Pilipino ay ang kapistahan. Ang bawat lugar sa ating bansa ay may kapistahang ipinagdiriwang bilang pasasalamat sa kanilang patron. Isa pang kilalang tradisyon natin ay ang bayanihan. Ang bayanihan ay ang pagtutulungan ng mga tao para sa isang Gawain. May mga kababayan pa rin tayong sumusunod sa ganitong tradisyon lalo na sa mga lalawigan.

1. Ano ang paksang diwa sa talatang binasa?

   ______________________________

2. Sa anong parte ng talata matatagpuang ang pangunahing diwa?

   ______________________________

3.Ano ang angkop na pamagat sa talata?

______________________________

Si Pablo Planas ay isang dating tsuper at mekaniko. Siya ang nakaimbento ng Kahaos Super Turbo Charger(KSTC) na isang tipid-gas na gamit para sa mga de-gasolinang sasakyan. Hindi siya nasilaw sa multi-milyong pisong alok ng bansang Amerika para lamang ibenta ang kanyang imbensiyon. Ito ang nagpapatunay ng kanyang hangaring makatulong sa ating bayan.

4. Ano ang angkop na pamagat ng talata?

   ______________________________

5. Ano ang paksang-pangungusap ng talata?

   ______________________________



# Suriin

**A.Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang talata at sagutin ang mga katanungan . Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.**

Ang Pasko ay simbolo ng pagmamahalan at pagbibigayan nating mga tao sa mundo. Pag may Pasko dapat may kasiyahan sa bawat isa at may pagkakaunawaan tayong lahat. Tuwing Pasko tayong mga Pilipino ay nagluluto sa kanya kanyang bahay at nagpapalitan ng mga regalo, at tayo ay naglalagay ng mga palamuti sa loob at labas ng bahay natin kasi ang Pasko ay simbolo ng kasiyahan sa atin.

1.Ano ang sinisimbolo ng Pasko?

A. pagsisigawan sa lahat ng mga tao sa lansangan
B. pagmamahalan, kasiyahan at pagbibigayan sa lahat ng mga tao
C. kapayapaan ng buong sambayanan

2. Alin sa mga sumusunod ang angkop na pamagat sa talata?

A. Ang Simbolo sa Pagdiriwang ng Pasko
B. Sa Paskong Darating
C. Kahalagahan ng Pasko

3. Bakit mahalaga ang pagdiriwang sa Araw ng Pasko?


A. Ito ay nagpapasaya sa buong sambayanan
B. Makapagluto ng klase-klaseng pagkain
C. Ito ang Araw ng kapanganakan sa ating Poong Maykapal.

4.Saang bahagi ng talata mababasa ang paksang pangungusap?

__________________________________________

5.Paano isusulat ang pamagat sa teksto o talata?

__________________________________________



# Pagyamanin

**A. Panuto: Basahin ang  talata na napapaloob sa kahon at sagutin ang mga kaukulang tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

| |
|---|
| Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon. Sa gitna ng maraming suliranin, dapat umiral ang pagmamahalan, pagkakaisa, at pagtutulungan upang lalong tumibay ang pagsasamahan ng isa't isa. Ano mang problema ang  dumating, kailangang mapanatiling buo at matatag ang pamilya. Bukod dito biyaya ng Diyos ang ating pamilya kaya't patuloy mong ingatan. |

1.Ano ang paksang diwa sa talata?

A. Ang kahalagahan sa Pamilyang Pilipino bilang isang institusyon sa lipunan.

B. Ang pagmamahalan sa bawat Pamilyang Pilipino ay may katumbas na biyaya matatanggap.

C. Ang pagkakaisa sa bawat pamilya nagpapatunay na ang bawat miyembro nito ay may pagmamahalan.

D.Dapat masaya ang bawat pamilya para umaasenso ang sambayanang Pilipino

2.Ano ang angkop na pamagat sa talatang binasa?

A.Ang Huwarang Pamilya
B.Ang Pamilyang pilipino
C.Ang Pamilyang Pilipino
D.Mahalagang Institusyon

2.Alin sa sumusunod ang paksang pangungusap

A.Biyaya ng Diyos ang ating pamilya.
B.Kailangang mapanatiling matatag ang pamilyang Pilipino.
C.Ang pamilyang Pilipino ay isang napakahalagang institusyon
D.Umiiral ang pagmamahalan ng pamilyang Pilipino sa gitna ng maraming suliranin.

**B.  Panuto: Basahin ang talata at sagutin ang mga kasunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

Si Lapulapu ang unang bayaning Pilipino. Nang matuklasan ni Magellan ang Pilipinas, gusto niyang kilalanin ng mga katutubo ang hari ng Espanya.

Tinutulan ito ni Lapulapu at naganap ang digmaan sa pagitan ng mga kastila at katutubo kung saan tinalo ni Lapulapu si Magellan at naging sanhi ng pagkasawi nito sa laban.

4.Ano ang angkop na pamagat?

A.Lapulapu: Ang Bayaning Pilipino
B.Kadakilaan sa Hari ng Espanya
C.Ang Magkaibigang Lapulapu at Magellan

5.Paano isusulat ang panimulang salita sa pamagat ng isang talata?

A.Sa maliit na titik
B.Sa malaking titik
C.minsan sa maliit o kaya'y sa malaking titik.




## *Isaisip*

- Sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, alamin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap . Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat.
- Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga pangyayari sa talata o kuwento.
- Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento.
- Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kuwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.

**A.Panuto: Basahin ang sumusunod na pahayag at punan ng angkop na salita ang bawat patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1.Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan sa _______titik.
2.Upang makapagbigay ng angkop na pamagat sa talatang binasa, dapat alam natin ang _________________________.
3.Ang _________________ ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng angkop na pamagat.
4.Ang pangunahing diwa ang pinakabuod ng mga ________________ sa talata.
5.Ang ______________________ ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang pangunahing diwa ng talata o kuwento.



# Isagawa

**Panuto: Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

| |
|---|
| Hindi na mabilang ang kababayan antin nanguna sa larangan ng pag-awit, pagpipinta, at pag-ukit. Hinahangaan ng mga dayuhan ang mga produkto nating gawang kamay na tulad ng binurdahan at nililok. Tunay na ang mga Pilipino ay malikhain sa iba't ibang larangan. |

1.Ano ang paksang diwa ng talata?

______________________________

2.Ano ang angkop na pamagat?


______________________________

3.Paano isinusulat ang pamagat?

______________________________

4. Sa anong bahagi ng talata mababasa ang paksang pangungusap?

______________________________



# Tayahin:

**Panuto: Piliin ang pinakaangkop na pamagat sa mga pagpipilian na kasunod ng bawat talata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1.Ang niyog ay may karaniwang taas na 6 na metro o higit pa. Natatangi sa lahat ng puno ang niyog sapagkat bawat bahagi nito ay maaari ring sangkap sa paggawa ng sabon, shampoo, at iba pa.

A. ang niyog
B.Ang mga Gamit ng Niyog
C.Ang Niyog
D. ang mga gamit ng Niyog

2.Ang Kawanihan ng Rentas Internas ay ang sangay ng pamahalaan na namamahala sa pangongolekta ng buwis ng mga mamamayang may hanapbuhay. Bawt manggagawang Pilipino aty may tungkuling ng kaukulang

buwis. Ang buwis na ibinabayad ang siyang ginagamit na pondo ng pamahalaan sa pagpapaganda at pagpapaunlad n gating bansa.

A.Ang kawanihan ng rentas Internas
B.Ang Kawanihan ng Rentas Internas
C.Ang kawanihan ng internas rentas
D.ang kawanihan ng internas rentas

3.Napakahalaga ang bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw an gating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo sa paningin. Ang mga pagkain na mayaman sa bitamina A ay atay (manok o baka), itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.

A.ANG KAHALAGAHAN NG BITAMINA A
B.ang kahalagahan ng bitamina A
C.Ang Kahalagahan ng Bitamina A
D.ang Kahalagahan ng bitamina A

4.May binasa si Luisa na kuwento tungkol sa asong nagpakita ng pagmamahal sa amo ng ito ay ibinuwis ang buhay upang masagip ang isang batang babae sa rumaragasang motor. Natanggal ang itaas na bahagi ng nguso ng aso. Ang akala nila ay namatay si kabang, panglan ng aso, dahil hindi na ito nagpakita. Subalit makalipas ng ilang lingo, umuwi ang ito sa bahay. Nabalitaan ng isang beterinaryo ang nangyari kay Kabang. At nagboluntaryong dalhin siya sa Amerika upang ipagamot. Nagtagumpay ito at nagging mas malambing at masayahin si Kabang sa kabila ng kawalan na nguso. Tunay ngang ang aso ay matalik na kaibigan ng tao.

A. Kabang: Ang Bayaning Aso
B.Si kabang
C.ang bayaning Aso
D.kabang: ang bayaning Aso

5.Maaga pa ay gising na lahat ang mga tao sa bahay ni Mang Isidro. Ang bawat isa ay abalang nagbibihis at naghahanda papunta sa simbahan. Nakasuot ng magandang puting damit si Eloisa. Ito ang araw ng kanyang kasal.

A.Ang Paghahanda sa Kasal ni Eloisa
B.And Damit ni Eloisa
C.Ang Mag-amang Eloisa ta Mang Isidro
D.Ang Bisita ni Eloisa

# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Tukuyin ang angkop na pamagat sa bawat talata. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.Isang pagmamahal at mahusay na guro si Gng. Carmen Lim. Itinututuring niyang parang tunay na anak ang kanyang mga mag-aaral. Matiyaga niyang itinuturo ang mahihirap na aralin. Siya ang pinakamamahal kong guro.

______________________________________________

2.Ang buwan ang satellite ng mundo.Humihiram ito ng liwanag mula sa araw. Uiikot ito sa mundo. Sa isang pag-ikot nito nabubuo ang isang buwan.

______________________________________________

3.Kambal sina Sheena at Shane. Magkamukhang-magkamukha sila Mahilig silang maglaro ng Volleyball. Pareho silang masipag mag-aral.

______________________________________________

4.Sinigang na hipon ang paborito kong ulam. Lalo itong nagiging masarap para sa akin kapag si Nanay ang nagluluto. Marami akong nakakain tuwing sinigang ang aming ulam.

______________________________________________

5.Isang masustansiyang inumin ang gatas. Sagana ito sa calcium na nagpapatibay ng ngipin at ng mga buto.Mayaman din ito sa proliro na mahalaga parang lumaking malusog ang isang bata.

______________________________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

**1.** Isa sa mga katangiang ipinagmamalaki nating mga Pilipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin.

**2.Ang Katangian ng mga Pilipino**

**Balikan**

1. **B**
2. **A**
3. **C**
4. **A**
5. **B**
6. 

**Tuklasin**

1. Ang mga kinikilalang tradisyon ng mga Pilipino
2.Una
3. Mga Tradisyon ng mga Pilipino
4. Makabagong Bayaning Imbentor
5.Si Pablo Planas ay ay isang dating tsuper at mekaniko

Suriin

A.

1. B
2. A
3. C
4. Una
5. Malaking titik

Pagyamanin

A.

1. C
2. C
3. A
4. A
5. B

**Isaisip**

1.malaking
2,paksang diwa
3.paksang diwa.
4.pangyayari sa talata o kuwento
5.paksang pangungusap

**Isagawa**

1. Tunay na malikhain ang mga Pilipino sa iba’t ibang larangan
2. Ang Malikhaing Pilipino
3. Sa malaking titik
4.Kadalasan sa una o huling bahagi ng kuwento

Tayahin

1. B
2. B
3. C
4. A
5. A

Karaagdagang Gawain

1. Ang Pinakamamahal kong Guro
2. Ang Satellite ng Mundo
3. Ang Magkapatid na Kambal
4. Ang Paborito kong Ulam
5. Ang Masustansiyang Inumin